International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

# Phonological Analysis of Selected Town of Southwestern Leyte, Philippines

*Norlyn L. Borong, EdD*
*Professor 2*
*Southern Leyte State University-Tomas Oppus*

**Abstract**

This study aims to provide a phonological analysis of the suprasegmental phoneme in particular. In this work, phonological analysis was employed in a qualitative design. Participants' words, phrases, and sentences were analyzed to identify stress, pitch and intonation and juncture. The researcher gathered volunteers 65 years of age and older who were native to five communities in the Southwest region of Leyte. The researcher employed a wordlist, conducted interviews, and recorded word pronunciations using a recorder as tools. It was found that certain portions of Matalom had stress comparable to the city of Maasin City, Southern Leyte in the suprasegmental phoneme, and similarly, some areas of the town of Inopacan had similar to the stress of Cebu. The town of Bato, Hilongos and Hindang have the same stress. In terms of pitch and intonation, the suprasegmental phoneme in the barrio Agbanga, Sta. Fe, Cahagnaan at Tag-os have a different pitch and intonation compared to some barangays of Matalom. Only barangay Dawahon in the town of Bato has a distinct pitch and intonation. When speaking, Hilongos, Hindang, and Inopacan all use the same intonation. Furthermore, there is no modification or difference during the pause or juncture. In conclusion, there is diversity in stress and intonation but not in pause or juncture among the phonological qualities, particularly in the suprasegmental phoneme, according to stress, pitch and intonation and juncture in the five towns of Southwestern Leyte. The results shows that the individual can change his accent and speech pattern (pronunciation) to fit changing circumstances, geographical limitations, and needs. It was shown that there is a regional correlation between the phonological variance in stress, pitch and intonation found in the Southwestern language of Leyte. In the findings, the researcher recommended using the words gathered in phonology classes to help students understand the distinctive features of the Leyte language and, more importantly, to help conserve or preserve the native tongue.

Keywords: *geographical limitations; intonation; pitch; phonological variation; stress*

## Introduction

Wika ang masasabing isang napakahalagang imbento ng bawat indibidwal. Ito ay paraan upang maiparating sa kanyang kapwa ang kanyang ideya, niloob, mga adhikain, mga opinyon, kuro-kuro, at maraming pang iba. Tulay ito upang makabuo ng isang masaya at payapang lipunan. Bawat lipunan ay may tiyak na wikang ginamit. Sa pakikipagsapalaran ng isang tao sa ibang lugar ipahayag ang kanyang mga saloobin gamit ang kanyang sariling wika at magpahayag ng ng interaksiyon ng kanyang kausap gamit din ang kanyang wika. Ito ang

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

dahilan kung bakit nagkakaroon ng varayti ng katawagan dahil sa impluwensiya o narinig sa ating mga kausap.

Ayon kina Bratlie, Brinchmann, Melby-Lervåg, Torkildsen, (2022), ang varyasyon sa wika ay hindi maiiwasan dahil may "interference" na nagaganap. Naimpluwensyahan ng unang wika ng isang tao dahil sa kanyang pakikisalamuha sa kanyang kapwa. Ang varayti ng wika ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng parehong wika na ginagamit ng iba't ibang grupo na may varyasyong panloob sanhi ng lugar na kinaroroonan ng partikular na grupo ng mga tagapagsalita o grupong kinabibilangan (Nuncio, Pontemayor, at Lumigis (2020).

Batay sa pagbabasa ng mga pananaliksik, marami-rami na ring pag-aaral ang isinasagawa ukol sa mga baryasyon ng kanilang mga wika na nakapokus sa baryasyon ng mga katawagan o terminolohiya. Tulad sa pag-aaral ni Sumer (2024) na tungkol sa Phonological and Morphological Variation of Ibanag Language, sa pag-aaral na ito, kinilala at sinuri ng mananaliksik ang ponemang suprasegmental. Ang mananaliksik bilang guro sa wika naudyok sa pag-aaral na ito upang malalaman at makilala ang baryasyon ng sariling wika, ang wika ng Southwestern Leyte. Naniniwala ang mananaliksik na ang nabuong pag-aaral ay magagamit bilang supplementary material sa pagtuturo ng ponolohiya. Higit sa lahat nabahala ang mananaliksik na darating ang panahon na ang kinagisnang wika ay mamamatay dahil sa mga naglipana ng mga pagbabago ng wika na kinahuhumalingan ng karamihan at kadalasan ng mga kabataan.

Ipinaliwanag nina Lantaya, Bonifacio, Jabagat, Ilongo, et al. (2021) isang malaking hamon sa kasalukuyan ang pagligtas ng katutubong wika, responsibilidad ng bawat guro na protektahan ang katutubong wika, kailangan ng ibang mga pamamaraan upang mapanatili o mapabuti ito lalo na sa kasalukuyang kalagayan.

**Umaasa at naniniwala rin ang mananaliksik na ang nabuong pag-aaral ay paraan na maipreserba ang katutubong wika (mother tongue) ng Southwestern Leyte. Ang tuloy-tuloy na pakikibaka sa pamumuhay ng tao sanhi ng nagbabagong panahon, karanasan, modernisasyon at iba pa ay nakapagbabago rin ang wika na nakaapekto sa pagiging indibidwal at sa lipunang ginagalawan (Terreza, Sukran, et al., 2020).**

**Ang nabuong isang kalipunan ng mga wikang may varyasyon na ponemang suprasegmental ng mga taga-Southwestern Leyte na paraan ito na maipreserba ang kakaibang katangian ng wikang ito. Umaasa mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay maging kapaki-pakinabang sa programa ng K to 12 kurikulum at sa mga gurong nagtuturo sa wika at higit sa lahat sa Southwestern Leyte upang maipreserba ang sariling wika.**

## Objective of the Study

**Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang varyasyon na ponemang suprasegmental ng wika ng Southwestern ng Leyte ayon sa diin, tono at intonasyon at hinto at antala.**

## Conceptual Framework

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa pahayag nina Llompart, Eger, at Reinisch (2021) na nagsabing ang varyasyon ng wika ay nasa tunog, mga salita o bokabularyo, istruktura ng gramatika o sa mga eksternal na paktor tulad ng heograpikal o grupong sosyal. Nasa varyasyong heograpikal kung pumapasok dito ang pagkakaiba sa tono, sa bokabularyo at sa morpolohiya ng wika o gramatika nito. Ang pagkakaiba ng wika ay dulot ng elementong

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

pangwika na tinatawag na rehiyonal na varyasyon o dayalek. Samantalang ang varyasyong ito, lumilitaw ang tinatawag na varayti ng isang wika.

Kaugnay nito ipinahayag nina Llompart, Eger, at Reinisch (2021) ipinahayag ni Misa (2021) ang kanyang pananaw sa wika na nakatuon sa pagsusuri ng gramatikal na istruktura ng wika sa magkakaugnay na diskurso at pag- alam ng dahilan sa pagkapabago- bago ng porma at gamit ng isang wika sa iba't ibang sitwasyon. Inaalam dito ang patern ng paggamit ng wika at hindi lamang ang pag-iral nito sa isang komunidad.

Ipinaliwanag dito na ang pakikipag-ugnayan ng tao sa ibang tao, gumagaya o nakikibagay sa pagsasalita ng kausap, upang mabigyang-halaga ang kanyang pakikiisa, pakikipaglagayang-loob o pagmamalaki na kabilang siya sa isang grupo. Dahil tao ang bumubuo sa lipunan, at tao rin ang siyang lumilinang ng kani-kaniyang kultura, hindi maiiwasang magkaroon ng pagkakaiba-iba sa paniniwala, gawi, kaalaman, at pati na rin sa wika. Dahil bahagi na ng buhay ng tao ang paggamit ng wika, kung minsan hindi na namamalayan na nag-iiba-iba na ang paggamit ng kanilang wika dahil sa impluwensiya ng kausap. Nangangahulugan, ang pakikipagsalamuha sa kapwa na mula sa ibang rehiyon o lugar ay nakakaimpluwensiya sa wikang nakasanayan na.

Kaugnay sa pahayag Kopf at Weber (2023) ang kanyang na pahayag na free variation. Ang free variation ay tumutukoy sa ideya na ang ibang pagkakaiba-iba ay kahalinhinan ng iba pa na walang anumang malinaw na hadlang sa pagkakabigkas ng isang partikular na tagapagsalita. Ipinahayag din nina Bizzoni, Ortlieb, Fankhauser, at Teich (2020) na sa pagbabago ng wika o *language change* na isang uri ng pagbabagi sa wika ukol sa panahon na maaring mangyari sa ponolohikal, morpolohikal, semantika at ebolusyonaryong panglingwistik. Nagpapahiwatig lamang ito na mainam na pag-aralan ang mga ponolohikal na varyasyon ng wika upang magkakaroon ng kaalaman sa kinagisnang wika lalo na sa mga pagbabago na tinatawag na synchronic variation (kasalukuyang pagbabago) at diachronic change (pagbabagong nabuo pagkalipas ng magkakasunod na panahon). Kaugnay sa mga pahayag ng mga mananaliksik ipinahayag ni Juanda (2024), sa kanyang *structure of language* na nagsabing nakabatay ang pagkakaroon ng varayti at varyasyon sa paniniwala ng mga linggwist ng pagiging heterogeneous o pagkakaiba-iba ng wika. Sa pagdaan ng panahon nagiging ispesyalisado ang mga gawain at tungkulin ng tao at ito ay nagreresulta sa pagkakaiba-iba ng kultura at wika na siyang nagiging panukat sa progreso ng tao. Nangangahulugan lamang na hindi maipagkaila na may varyasyon sa tono at intonasyon, antala at iba pa.

## Methodology

Isang *qualitative design* sa pamamagitan ng *Phonological Analysis* ang paraang ginamit sa pag-aaral na ito. Mga salita , parirala at pangungusap na nakalap mula sa mga kalahok ay kinilala ang diin , tono at intonasyon, antala at hinto. At upang bigyan validity ang mga salita , parirala at pangungusap nabigyang diin, tono at intonasyon, antala at hinto bumalik an gang mananaliksik sa mga mga kalahok at nagkaroon ng FGD upang ibalida ang ang diin, tono at intonasyon, antala at hinto ang mga nakalap na datos.

Mula sa bayan ng Matalom, Bato, Hilongos, Hindang at Inopacan nagmula ang mga kalahok. Ang limang bayan na ito ay tigdadalawampu't limang (25) kalahok ang kinuha ng mananaliksik sa bawat bawat. Sa bawat bayan pumili ang mananaliksik ng limang barangay. Sa bawat barangay kumuha ang mananaliksik ng tiglilimang kalahok. Samakatuwid may kabuuang 125 na kalahok ang pag- aaral na ito. Sa pagpili ng mga kalahok, sadyang pinili ng mananaliksik ang mga kalahok na may edad 65 pataas na likas na nakatira sa kanilang lugar at marunong magbasa at magsulat. Sadyang pinili ang mga kalahok 65 pataas sapagkat naniniwala ang mananaliksik na hindi sila gaanong naimpluwensiyahan o nailantad sa mga

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

makabagong paraan ng pagsasalita sa kasalukuyan. Referral technique o snowball technique ang paraan ng pagpili ng kalahok na kung saan kumuha ng key informant ang mananaliksik na siyang nagbigay ideya sa mananaliksik kung sino ang gagawing mga kalahok sa pamamagitan ng probability sampling. Ang instrumentong ginamit mananaliksik ay wordlist, interbyu at gumamit din ang mananaliksik ng tape recorder. Ang mga salitang inihanda pinalapatan sa mga kalahok ng kanilang sariling dayalekto. Upang makuha ang tono at intonasyon ng mga kalahok humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kalahok na gumamit ng video recorder at audio-recorder habang impormal na nakipag-usap ang mananaliksik sa kanila. Ipinangako ng mananaliksik na ang video at audio'ng ginawa ay mananatiling sa mananaliksik lamang. Isinagawa ang interbyu at impormal na pakikipag-usap sa bakanteng oras ng mga kalahok.

## Results and Discussion

Ang ponolohiya o paraan ng pagbigkas ay naglalarawan kung paano binibigkas ang mga ponema (tunog), ang paghinto (juncture), ang pagtaas- pagbaba ng mga pintig (pitch), diin (stress) at pagpapahaba ng tunog (prolonging/lengthening) Yazdanpanah, Plejert, Samuelsson, at Jansson (2019). Ito rin ay tinatawag na ponemang suprasegmental. Ang mga ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa mga makahulugang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip, sumisimbolo ito ng mga notasyong ponemiko upang matukoy ang paraan ng pagbigkas. Ang mga uri ng ponemang suprasegmental ay ang diin, intonasyon at hinto (Toto at Reyes, 2022).

*Ponemang Suprasegmental ng Wika ng Southern ng Leyte Ayon sa Diin*

Sa Leyte may mga salitang karaniwang binibigkas nang may diin ang mga salitang higit sa isang pantig. Ayon nina Toto at Reyes (2022) tumutukoy ang diin sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita. Sa bahaging ito, ginagamit ang simbolong tuldik (.) upang matukoy ang pantig ng salita na may diin.

Ayon kay Catequista (2019), ang ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa makahulugang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip sinisimbolo ito ng notasyong phonemic upang matukoy ang paraan ng pagbigkas. Ang diin ay tumutukoy sa lakas ng pagbigkas ng isang pantig ng salitang binibigkas. Ang diin ay naglalarawan kung paano binigkas ang wikang Leyteño, ito ba ay kagyat o kaya'y banayad (Duping, 2021).

Ito ay ang maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag. Pangalawa ang *haba at diin.* Ito ay tumutukoy sa haba ng bigkas na iniuukol ng nagsasalita sa patinig ng pantig ng salita. Ang diin naman ay tumutukoy sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita. Napabilang dito ang *tono.* Ito ay ang taas baba na inuukol natin sa pagbigkas ng pantig ng isang salita upang higit na maging mabisa ang ating pakikipag-usap sa ating kapwa. At ang pangatlo ay ang *antala* kung saan ito ay ang saglit na pagtigil sa ating pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ibig nating ipabatid sa kausap. Sa pasulat na pakikipagtalastasan ito ay inihuhudyatng kama,tuldok,semi-kolon,at kolon.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

Makilala ang paraan ng pagbigkas sa pamamagitan ng mga simbolo. Ang tuldok (.) ay simbolong nangangahulugan kagyat ang pagbigkas ng salita at kapag may simbolong tutuldok (:) nangangahulugang banayad ang pagbigkas. Ang simbolong glottal stop (‘) ay inilagay sa salitang nagtatapos sa patinig na sasara ang glottis o walang hanging lumalabas kay binigbigkas ang salita. At ang glottal fricative ($^{h}$) ay inilagay sa katapusang ng salitang nagtatapos ng patinig na malaya ang hanging lumalabas sa tuwing bibigkasin ang mga salita.

Tulad halimbawa ang mga salita ng Leyte na ipinakita sa Talahanayan 1. Mapapansin na na may mga salitang magkapareho ang baybay ngunit magkaiba ang diin at magkaiba ang kahulugan. Tulad na lamang ng salitang *amo,* mayroon itong tatlong kahulugan bunga ng pagkakaiba ng diin nito. Kapag ito ay nangangahulugan boss/landlord sa bayan ng Matalom ito ay binibigkas /a:muˈ/. Mapapansin na glottal fricative (‘) ang simbolong ginamit na ibig sabihin may impit ang pagbigkas ng salita. Sa bayan ng Bato, Hilongos, Hindang at Inopacan, parehong nangangahulugan ang salitang *amo* na boss/landlord ngunit nagkaroon ito ng ibang paraan ng pagbigkas, /a:mu$^{h}$/ kung saan ang makikita sa hulihan ng salita ay glottal fricative na ibig sabihin malaya ang hanging lumalabas sa tuwing bibigkasin ang salitang ito. Ganoon din ang salitang /ku.to$^{h}$/ (insekto) sa ilang lugar ng Matalom lalo na sa barangay Agbanga, Sta. Fe, Cahagnaan at Tag-os kagyat ang pagbigkas ng salita. Sa ilang barangay ng Matalom banayad ang pagbigkas ng /ku:toh/, ganoon din sa bayan ng Bato, Hilongos, Hindang at Inopacan.

**Talahanayan 1:** Ponemang Suprasegmental ng Wika ng Southern ng Leyte Ayon sa Diin

| Mga Salita | Mga Kahulugan | Mga Bayan ng Southwestern ng Leyte | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Matalom | Bato | Hilongos | Hindang | Inopacan |
| amu | boss | /a:muˈ/ | /a:mu$^{h}$/ | /a:mu$^{h}$/ | /a:mu$^{h}$/ | /a:mu$^{h}$/ |
| amu | matsing | /a.mu’/ | /a.mu$^{h}$/ | /a.mu$^{h}$/ | /a.mu$^{h}$/ | /a.mu$^{h}$/ |
| amu | atin | /a:mu’/ | | | | |
| atu | atin | /a.tu’/ | /a.tu$^{h}$/ /a:tu$^{h}$/ | /a.tu$^{h}$/ | /a.tu$^{h}$/ | /a.tu$^{h}$/ |
| atu | hinay-hinay na nauubos | /a.tuˈ/ | /a.tu$^{h}$/ | /a.tu$^{h}$/ | /a.tu$^{h}$/ | /a.tu$^{h}$/ |
| bali | mangutang | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ |
| bali | broken | /ba.li’/ | /ba.li’/ | /ba.li’/ | /ba.li’/ | /ba.li’/ |
| bali | baliktad | /ba.li$^{h}$/ | /ba.li$^{h}$/ | /ba.li$^{h}$/ | /ba.li$^{h}$/ | /ba.li$^{h}$/ |
| bali | mirisi | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ | /ba:li$^{h}$/ |
| bawu | hindi alam | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wu$^{h}$/ |
| bawu | wala nang asawa | /ba.wuˈ/ | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wu$^{h}$/ | /ba.wo$^{h}$/ |
| bija | umalis | /bi:ja’/ | /bi:ja’/ | /bi:ja’/ | /bi:ja’/ | /bi:ja’/ |
| bija | dehado/hindi maayos tingnan | /bi.ja’/ | /bi.ja’/ | /bi.ja’/ | /bi.ja’/ | /bi.ja’/ |
| bugaw | pinaalis | /bu.gaw/ /bu:gaw/ | /bu:gaw/ | /bu:gaw/ | /bu:gaw/ | /bu:gaw/ |
| buho | butas | /bu.ho’/ | /bu.ho’/ | /bu.ho’/ | /bu.ho’/ | /bu.ho’/ |
| buho | bumubuo ng sariling ideya/desisyon | /bu:ho’/ | /bu:ho’/ | /bu:ho’/ | /bu:ho’/ | /bu:ho’/ |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| buut | ugali | /bu.ut/<br>/bu:ut/ | /bu.ut/<br>/bu:ut/ | /bu.ut/ | /bu.ut/ | /bu.ut/ |
| habol | kumot | /ha:bol/ | /ha:bol/ | /ha:bol/ | /ha:bol/ | /ha:bol/ |
| habol | paghahabi | /ha.bol/ | /ha.bol/ | /ha.bol/ | /ha.bol/ | /ha.bol/ |
| hagu | pagod | /ha:guˈ/ | /ha.guˈ/ | /ha.guˈ/ | /ha.guˈ/ | /ha.guˈ/ |
| igu | natamaan | /'i.gu'/<br>/'i: gu$^h$/ | /'i.gu$^h$/ | /'i.gu$^h$/ | /'i.gu$^h$/ | /'i.gu$^h$/ |
| igu | tama, sapat | /'i:gu'/ | /'i:gu'/ | /i:gu$^h$/ | /'i:gu'/ | /'i:gu'/ |
| kadjut<br>kadijut | teka | /kad.jut/ | /kad.jut/ | /ka.di:jut/ | /ka.di:yut/ | /ka.di:jut/ |
| kunot | kulubot | /ku:not/ | /ku.not/ | /ku.not/ | /ku.not/ | /ku.not/ |
| kunot | kurot | /ku:not/ | /ku:not/ | /ku:not/ | /ku:not/ | /ku:not/ |
| kural | bakod | /ku.raw/<br>/ku.ral/ | /ku:ral/ | /ku:ral/ | /ku:ral/ | /ku:ral/ |
| kuto | insekto na nasa ulo | /ku.to$^h$/<br>/ku:to$^h$/ | /ku:to$^h$/ | /ku:to$^h$/ | /ku:to$^h$/ | /ku:to$^h$/ |
| kuto | mabilis | /ku:tu/ | /ku:tu/ | /ku:tu/ | /ku:tu/ | /ku:tu/ |
| labay | itapon | /la:bay/ | /la:bay/ | /la:bay/ | /la:bay/ | /la:bay/ |
| labay | dumaan | /la.bay/ | /la.bay/ | /la.bay/ | /la.bay/ | /la.bay/ |
| lata | lata na wala ng laman | /la:ta$^h$/ | /la:ta$^h$/ | /la:ta$^h$/ | /la:ta$^h$/ | /la:ta$^h$/ |
| lata | nasira | /la.ta'/ | /la.ta'/ | /la.ta'/ | /la.ta'/ | /la.ta'/ |
| lisu | ikutin | /li:su'/ | /li:su'/ | /li:su'/ | /li:su'/ | /li:su'/ |
| lisu | buto | /li:su$^h$/ | /li:su$^h$/ | /li:su$^h$/ | /li:su$^h$/ | /li:su$^h$/ |
| lukat | ibut | /lu:kat/ | /lu:kat/ | /lu:kat/ | /lu:kat/ | /lu:kat/ |
| lukat | bayaran | /lu.kat/ | /lu.kat/ | /lu.kat/ | /lu.kat/ | /lu.kat/ |
| maajung | maayos | /ma:a.juŋ/ | /ma.a:juŋ/ | /ma.a:juŋ/ | /ma.a:juŋ/ | /ma.a:juŋ/ |
| mag-uma | magsasaka | /mag.u.ma'/ | /mag.u:ma$^h$/ | /mag.u:ma$^h$/ | /mag.u:ma$^h$/ | /mag.u:ma$^h$/ |
| muru | nakasimangot | /mu.ru$^h$/ | /mu:ru$^h$/ | /mu:ru$^h$/ | /mu:ru$^h$/ | /mu:ru$^h$/ |
| sa | kasal-anan | /sa'/ | /sa'/ | /sa'/ | /sa'/ | /sa'/ |
| sa | salaan | /sa$^h$/ | /sa$^h$/ | /sa$^h$/ | /sa$^h$/ | /sa$^h$/ |
| sabak | nakaupo sa hita | /sa:bak/ | /sa:bak/ | /sa:bak/ | /sa:bak/ | /sa:bak/ |
| sabak | buntis | /sa.bak/ | /sa.bak/ | /sa.bak/ | /sa.bak/ | /sa.bak/ |
| salindanaw | firefly | /sa.lin.da.naw/ | sa.lin.da:naw | sa.lin.da:naw | sa.lin.da:naw | sa.lin.da:naw |
| tahud | paggalang | /ta:hud/ | /ta:hud/ | /ta:hud/ | /ta:hud/ | /ta:hud/ |
| tahud | bahagi ng paa ng manok | /ta.hud/ | /ta.hud/ | /ta.hud/ | /ta.hud/ | /ta.hud/ |
| tuu | maniwala | /tu:uˈ/ | /tu:u$^h$/ | /tu:u$^h$/ | /tu:u$^h$/ | /tu:u$^h$/ |
| tuu | kanan | /tu.u$^h$/ | /tu.u$^h$/ | /tu.u$^h$/ | /tu.u$^h$/ | /tu.u$^h$/ |
| uwan | ulan | /u.wan/ | /u:wan/ | /u:wan/ | /u:wan/ | /u:wan/ |
| wa | wala | /wa'/ | /wa'/ | /wa'/ | /wa'/ | /wa'/ |
| wa | kabila | /wa$^h$/ | /wa$^h$/ | /wa$^h$/ | /wa$^h$/ | /wa$^h$/ |

Makikita sa diin na magkapareho ang paraan ng pagbigkas ng mga kalahok sa Bato, Hilongos, Hindang at Inopacan sa paraan ng kanilang pagbigkas. Malumanay kung magsalita ang apat bayan na nabanggit. Tulad halimbawa ng salitang /sa.lin.da:naw/, /u:wan/, /mag.u:ma$^h$/, /ma.a:juŋ/ at iba pa. Sa pakipag-usap ng mananaliksik sa mga kalahok, napansin na ang bayan ng Matalom ay medyo may katigasan ang diin at kagyat kung

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

magsalita tulad sa pagbigkas ng salitang /mu.ru$^{h}$/, /u.wan/, /mag.u.ma'/, /ma.a.juŋ/ at /sa.lin.da.naw/.

Ang ipinakita sa talahanayan ay nagpapatunay lamang na ang wika ay may kakaibang katangian. Ang resulta ay makapagmamangha dahil sa isang bayan tulad ng Matalom at Bato ay nagkakaroon ng baryasyon na diin.

Sa ginawang personal na pakikisalamuha batay sa pakikinig ng mananaliksik sa mga kalahok mula sa Matalom napansin din niya na iba ang diin ng kanilang pagsasalita kung ihahambing sa ibang bayan. Sa katunayan kung minsan magkakaroon ng ibang interpretasyon ang mananaliksik dahil sa kanilang diin. Napansin ng mananaliksik na may iilang lugar ng Matalom na may diin na may kahawig sa ibang lugar ng Southern Leyte.

Ayon nina Bonifacio, Zaman, Arambala, at Zarate, (2021), ang diin ay isa sa mga uri ng suprasegmental na may malaking ginagampan sa pag-unawa ng kausap. Sang-ayon ang mananaliksik sa pahayag nina Bonifacio, Zaman, Arambala, at Zarate, (2021) sapagkat personal niya itong naranasan. Habang ginagawa ang pakikipanayam minsan nagkakamali sa interpretasyon ang mananaliksik dahil sa diin na hindi nakasanayan. Tulad halimbawa ng salitang *kadijut* na kapag binibigkas ng taga-Matalom at Bato ay mabilis ang pagbigkas na parang nawawala ang ponemang /i/ (/kad.jut/).

Sa natuklasan ng pag-aaral, masasabing may kakaibang katangiang tinatagtaglay ang diin ng wikang Leyte dahil sa pagkakaroon ng baryasyon. Naniniwala ang mananaliksik na bilang guro sa wika napakahalaga ang natuklasan dahil nakapagdudulot ito ng tiyak na kahulugan at maaaring mali ang ideya o mensaheng dapat ipabatid ng nagsasalita sa kausap kung mali ang diin ng salitang kanyang sinasabi. Kaugnay ito sa pahayag ni Samarca (2022) na mahirap unawain ang mga salita hangga't hindi nauunawaan ang mga istruktura nito. Pinaniwalaan dito na ang kasanayan sa istruktura ng palatunugan na bumubuo sa mga anumang anyong berbal na pahayag ay kasangkot sa anumang gawain sa paglinang ng kasanayan sa wika at abilidad sa paggamit nito. Malaki rin ang naitulong nito upang higit na mapadali ang pag-unawa at pagpabatid ng impormasyon. Patunay rin ito na ang pag-aaral sa mga diin sa pagbigkas ng mga salitang Leyteño ay lubos na nakatulong upang magkaroon ng mabisang komunikasyon sa pakipag-ugyanan.

*Ponemang Suprasegmental ng Wika ng Leyteño Ayon sa Tono at Intonasyon*

Ang tono at intonasyon ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita, na maaaring maghudyat sa kahulugan ng pahayag. Ito ay matutunghayan sa Talahanayan 2 na nagpapakita sa iba't ibang tono ng pagsasalita ng mga tao sa bayan ng Bato, Hilongos, Hindang, Inopacan at Matalom.

**Talahanayan 2:** Ponemang Suprasegmental ng Wikang Southern ng Leyte Ayon sa Tono at Intonasyon

| Mga Wika ng Leyte | Salin sa Filipino | Paraan ng Pagbigkas sa mga Bayan ng Southwestern ng Leyte | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Matalom | Bato | Hilongos | Hindang | Inopacan |
| Maajung adlaw | Magandang araw | 3 3<br>2 jung law<br>a ad<br>ma 2<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ad:law/ | 3 3<br>2 jung law<br>a ad<br>ma 2<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ad:law/ | 3 3<br>2 jung law<br>a ad<br>ma 2<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ad:law/ | 3 3<br>2 jung law<br>a ad<br>ma 2<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ad:law/ | 3 3<br>2 yung law<br>a ad<br>ma 2<br>1<br>/ma.a:yuŋ/ /ad:law/ |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| Maajung gabii | Magandang gabi | 3 3<br>jung bi<br>2 2 2<br>a ga i<br>ma<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ga.bi:i$^h$/ | 3 3<br>jung bi<br>2 2 2<br>a ga i<br>ma<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ga.bi:i$^h$/ | 3 3<br>jung bi<br>2 2 2<br>a ga i<br>ma<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ga.bi:i$^h$/ | 3 3<br>jung bi<br>2 2 2<br>a ga i<br>ma<br>1<br>/ma.a:juŋ/ /ga.bi:i$^h$/ | 3 3<br>yung bi<br>2 2 2<br>a ga i<br>ma<br>1<br>/ma.a:yuŋ/ /ga.bi:i$^h$/ |
| Mang- umahay ba mu? | Magsasaka ba kayo? | 3 3<br>hay mu<br>2 2 2<br>mang u ma ba | 3 3<br>hay mu<br>2 2 2<br>mang ma ba | 3 3<br>hay mu<br>2 2 2<br>mang ma ba | 3 3<br>jung bi<br>2 2 2<br>a ga i<br>ma | 3 3<br>hay mu<br>2 2 2<br>mang ma ba |
| Nasuku si tatay sa nahitabu. | Nagalit si tatay sa nangyari. | 3<br>tuk<br>2 2<br>Na si ta<br>i tay<br>1 1<br>/na.su.ku'/ /si/ ta:tay/ | 3<br>tuk<br>2 2<br>Na si ta<br>i tay<br>1 1<br>/na.su.ku'/ /si/ ta:tay/ | 3<br>tuk<br>2 2<br>Na si ta<br>i tay<br>1 1<br>/na.su.ku'/ /si/ ta:tay/ | 3<br>tuk<br>2 2<br>Na si ta<br>i tay<br>1 1<br>/na.su.ku'/ /si/ ta:tay/ | 1<br>u<br>/maŋ.u:ma.hay/ /ba.mu$^h$/<br>su ta<br>na si<br>1 1 |
| Nganung siing nagmuru man ka? | Bakit ka nakasimangot? | 3 3 3<br>2 nung 2 ut 2 ka<br>Nga mug man<br>nag<br>1<br>/ŋa:nuŋ/ /nag.mug:ut/ /man/ ka$^h$/ | 3 3<br>2 nung 2 ut 2<br>Nga mug man<br>nag<br>1<br>/ŋa:nuŋ/ /nag.mug:ut/ /man/ ka$^h$/ | 3 3 3 3<br>ka 2 nung 2 ut 2 ka<br>Nga mug man<br>nag<br>1<br>/ŋa:nuŋ/ /nag.mug:ut/ /man/ ka$^h$/ | 3 3 3<br>2 nung 2 ut 2 ka<br>Nga mug man<br>nag<br>1<br>/ŋa:nuŋ/ /nag.mug:ut/ /man/ ka$^h$/ | 3<br>Nga<br>2 2 2 2<br>nung si nag man<br>1 1 1<br>ing muru ka<br>/ŋa:nu/ /si:iŋ/ /nag.mu.ru/ /ma.a:ju$^h$/ /man/ /ka$^h$/ |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang tono ng mga salita ng Leyte ay may tatlong lebel. Ang mga bilang na makikita sa talahanayan ay nagsasaad ito ng lebel o taas o haba ng pagbigkas sa mga ponemang katinig. Ang L1 o lebel 1 ay nagsasaad na mahaba ang tono ginagamit kung pahayag lamang, ang L2 o lebel 2 ay di masyadong mataas ang lebel ng pagsasalita o tono. Ayon kay Liu (2023) sa pagsasalita ay karaniwang nagsisimula sa lebel 2, ito ay normal sa pagsasalita. Ang L3 o lebel 3 ang pinakamataas na lebel sa pagsasalita.

Ang intonasyon ng Leyte partikular sa bayan ng Bato, Hilongos at Hindang ay pareho. Kadalasang ang pagtaas at pagbabasa ay nasa 1-2-1. Samantala ang intonasyon ng bayan ng Inopacan ay "prolong" na nasa 1-2-3 ang intonasyon ng pagsasalita at ang bayan ng Matalom ay may intonasyon 2-3-1. Ang resulta ng pag- aaral ay naaayon sa ipinahayag ni Sumer (2024) na nagsabing maraming varayti ng wikang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Maraming mga dahilan sa pag-iral ng ganitong mga varayti.

Tumpak ang teorya nina Lavov, et al. (1968) ang teoryang "variationist". Ipinahayag dito na ang wika ay lagi ng may pagbabago. Ipinahayag pa nina Lavov, et al. (1968) ang mga tagapagsalita ay gumagamit ng iba't ibang porma upang masabi ang isang kahulugan. Ang pagbabagong ito ay bunga ng sosyal ay kultural na paktor. Makikita sa pitch level na magkapareho ang paraan ng pagbigkas ng mga kalahok sa Bato, Hilongos, Hindang at Inopacan sa paraan ng kanilang *pagbati, kalagayan sa buhay* at *paglalarawan ng pamumuhay.* Malumanay kung magsalita ang tatlong bayan na nabanggit. Tulad halimbawa ng salitang /sa.lin.da:naw/, /u:wan/, /mag.u:ma$^h$/, /ma.a:juŋ/ at iba pa**.**

Sa pakipag-usap ng mananaliksik sa mga kalahok, napansin na ang bayan ng Matalom ay medyo may katigasan ang diin at kagyat kung magsalita tulad sa pagbigkas ng salitang /mu.ru$^h$/, /u.wan/, /mag.u.ma'/, /ma.a.juŋ/ at /sa.lin.da.naw/.

Sa lebel o tono naman ng pangungusap, ang bayan ng Bato, Hilongos at Hindang ay pareho. Kadalasang ang pagtaas at pagbaba ay nasa 1-2-1 samantalang ang intonasyon ng bayan ng Inopacan ay nasa 1-2-3. Sa pakikinig sa kalahok ng mga taga-Inopacan napansin na banayad o prolong kung magsasalita sila. Ang bayan naman ng Matalom ay napansin na may intonasyon 2-3-1. Ang paraan ng kanilang pagbigkas ng mga salita ay laging pababa ang katapusan.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

Ang pariralang *Maajung adlaw* naiiba ang lebel ng tono ng mga kalahok sa bayan ng Matalom na 1-3-2-3 samantala ang apat na bayan naman ay nasa 1-2-3-2-3 (*Maajung adlaw*). Kapansin-pansin na sa bayan ng Bato, Hilongos, Hindang, at Inopacan ang salitang *MA* ay 1 ang lebel na intonasyon at nasa 2 ang tono ng *A*. Samantalang sa bayan ng Matalom ay salita MAA ay parehong may intonasyong 1 ganoon din ang pariralang *Maajung gabii/ Maajung gabii.*

Ang pariralang *Mang- umahay ba mu?* Naiiba rin ang tono ng mga kalahok sa bayan ng Matalom. Nasa lebel 2-3-2-2-3 samantalang nasa 2-1-2-3-2-3 naman ang tono sa apat na bayan (Mang- umahay ba mu?).

Ang pangungusap na *Nasuku si tatay sa nahitabu* sa bayan ng Bato, Hilongos at Hindang ay parehong 2-1-3-2-2-1-2-3-2-1 ang lebel ng pagsasalita samantalang sa bayan ng Inopacan ay may tonong 1-2-3-2-1-2-1-1-2-3 (*Nasuku si tatay sa nahitabu*) at bayan ng Matalom ang tono ng kanilang pagsasalita ay 2-1-3-2-1-3-2-1 (*Naituk si tatay sa nahitabu*). Makikita na iba ang lebel ng tono sa Matalom at Inopacan at pareho ang tono sa Bato, Hilongos at Hindang.

Naiiba naman ang tono ng mga kalahok mula sa Matalom. Nasa tonong 3-2-2-1-2-1-2-1 ang pangungusap *Nganung siing nagmuru man ka?*. At nasa 2-3-1-2-3-2-3 (*Nganung nagmug- ut man ka?*) naman ang tono ng pagsasalita ng mga kalahok mula sa bayan ng Bato, Hilongos, Hindang at Inopacan.

Sa pangungusap naman na *Kinsay nagsulting maaju ka*? Iba ang tono ng mga kalahok ng taga-Inopacan at Matalom at pareho ang lebel na tono kung magsasalita ang taga-Bato, Hilongos at Hindang. Kapansin-pansin ang bayan ng Inopacan ay may tonong 2-3-1-2-3-2-1-2 (*Kinsay nagsulting maayu ka?*), 3-2-2-1-2-1-3-2-1 (*Kinsay sii nagsulting maaju ka?*) naman ang tono ng taga-Matalom at 2-1-2-3-2-1-2 (*Kinsay nagsulting maaju ka?*) naman ang lebel ng tono ng mga taga-Bato, Hilongos at Hindang.

Sa interbyu napansin ng mananaliksik na ang mga kalahok na mula sa bayan ng Matalom ay may kahawig ang kanilang tono sa pagsasalita sa mga taga-Southern Leyte ganoon din ang ilang mga terminong ginamit nila sa pagsasalita. Sa pagsusuri sa lokasyon sa limang bayan, ang bayan ng Matalom ay malapit sa lalawigan ng Southern Leyte na ito marahil ang dahilan kung bakit kahawig ang kanilang paraan ng pagsasalita.

Nangangahulugan na ang heograpiya ay may malaking kinalaman sa pagsasalita ng tao. Ang lugar ng Matalom ay malapit lamang sa lungsod ng Maasin. Ito marahil ang dahilan kung bakit magkahawig ang kanilang tono at diin sa pagsasalita at ganoon din ang terminong ginagamit sa pagsalita.

Ito ay may kaugnayan sa pahayag nina Huisman, Majid, at van Hout, (2019) na nagsabing ang dayalekto ng tao ay nakadepende sa lokasyon o heograpiya na kanyang kinabibilangan. Ang pagkakaroon ng varyasyon ng wika ay dahil sa "geographic distance".

Subalit sinabi ni Gaddi (2024), na ang impluwensiya ng wika sa mga karatig bayan ay nakababahala dahil isa ito sa mga paktor na makalimutan ng tao ang kanyang sariling wika o wikang kinagisnan. Sang-ayon ang mananaliksik sa pahayag nina Gaddi (2024) sapagkat batay sa pagtatatanong sa kanyang mga mag-aaral na napabilang sa bayan na kasama sa pag-aaral, maraming mga salitang ibinigay sa mga kalahok ay hindi alam ng mga mag-aaral.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

Marami sa mga kabataan ang nahuhumaling sa mga dinamikong salita kaya unti-unti ng nakalilimutan ang kanilang kinagisnan.

Ang resultang ito ay nagpapakita ng isang napakalaking hamon sa mga guro sa MTB-MLE partikular sa limang bayan ng Leyte ay mapapansin na kahit parehong Leyteñong wika ang ginagamit ng mga kalahok, mayroon pa ring pagkakaiba sa tono at paraan ng pagbigkas. Isang malaking hamon sa mga guro dahil sa taglay nitong katangian at higit sa lahat sa mga maraming kakulangan. Kakulangan nang sapat na kaalaman sa tumpak na mga termino at tono ng wikang kinagisnan lalo na, ang kadalasang guro ngayon sa Grade 1 hanggang Grade 3 ay napapabilang sa bagong henerasyon kung saan nahuhumaling sa mga dinamikong salita. Nagkakaroon din ng kakulangan sa pagsasanay para sa asignatura at higit sa lahat kakulangan sa mga kagamitan. Ang mga kakulangang ito ay kailangang malutas at masagot upang makamit ang mithiin ng pamahalaan na matuto ang mga mag-aaral ng kanilang wikang kinagisnan sapagkat malaki ang magiging tulong ng paggamit ng panrehiyong wika sa paaralan dahil mas maiintindihan at maisasapuso ng mga mag-aaral ang kanilang sariling wika at magiging matibay na ang pundasyon nila sa kanilang katutubong wika.

Nagpapahiwatig na may varyasyon sa paraan pagbigkas ng mga salita, pangungusap at ekspresyon/ parirala ang limang bayan ng Southwestern ng Leyte. Mahalagang matutunan ang mga ito hindi lamang ng mga mag-aaral kundi ng mga gurong nagtuturo ng unang wika.

*Ponemang Suprasegmental ng Wika ng Southern ng Leyte Ayon sa Hinto at Antala*

Ang hinto at antala Ito ay nangangahulugan ng pagtigil sa pagsasalita. Maaaring huminto nang panandalian habang sinasabi ang isang pangungusap, at maaari rin sa katapusan na ng pangungusap ang paghinto. Sa pagsulat sa mga pangungusap sa ibaba, nilalagyan ng isang bar (/) ang isang saglit na paghinto at ng dobleng bar (//) ang katapusan ng pahayag.

Mapapansing naiiba ang kahulugan ng pangungusap sa pag- iiba ng hinto sa pangungusap, ito ay pinatunayan sa Talahanayan 3. Tulad sa pangungusap na *Dili si Joy ang muuban sa tigum* (Hindi si Joy sasama sa pagtitipon). Malinaw na ipinakita sa talahanayan nagkakaroon ng tatlong kahulugan ang isang pangungusap dahil sa mga antala. Malinaw na ipinakita na walang pagkakaiba ang hinto at antala sa limang bayan.

**Talahanayan 3:** Ponemang Suprasegmental ng Wika ng Southern ng Leyte Ayon sa Hinto at Antala

| Pangungusap ng Leyteño | Pangungusap sa Filipino | Matalom | Bato | Hilongos | Hindang | Inopacan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Dili si Joy ang muuban sa tigum. | Hindi si Joy sasama sa pagtitipon. | **Dili sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Sa pangungusap na ito nangangahulugang Hindi si Joy ang sasama o pupunta sa pulong.* | **Dili sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Sa pangungusap na ito nangangahulugang Hindi si Joy ang sasama o pupunta sa pulong.* | **Dili sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Sa pangungusap na ito nangangahulugang Hindi si Joy ang sasama o pupunta sa pulong.* | **Dili sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Sa pangungusap na ito nangangahulugang Hindi si Joy ang sasama o pupunta sa pulong.* | **Dili sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Sa pangungusap na ito nangangahulugang Hindi si Joy ang sasama o pupunta sa pulong.* |
| | | **Dili/ sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Ito ay iginigiit na si Joy ay sasama sa party.* | **Dili/ sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Ito ay iginigiit na si Joy ay sasama sa party.* | **Dili/ sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Ito ay iginigiit na si Joy ay sasama sa party.* | **Dili/ sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Ito ay iginigiit na si Joy ay sasama sa party.* | **Dili/ sa Joy ang muuban sa tigum//**<br>*Ito ay iginigiit na si Joy ay sasama sa party.* |
| | | **Dili sa Joy/ ang muuban sa tigum//**<br>*Ipinahiwatig naman dito na hindi si Joy ang gumawa na maaring isang kasalanan o kaya'y sa isang gawain kundi ang may gagawan ang sumama sa pulong.* | **Dili sa Joy/ ang muuban sa tigum//**<br>*Ipinahiwatig naman dito na hindi si Joy ang gumawa na maaring isang kasalanan o kaya'y sa isang gawain kundi ang may gagawan ang sumama sa pulong.* | **Dili sa Joy/ ang muuban sa tigum//**<br>*Ipinahiwatig naman dito na hindi si Joy ang gumawa na maaring isang kasalanan o kaya'y sa isang gawain kundi ang may gagawan ang sumama sa pulong.* | **Dili sa Joy/ ang muuban sa tigum//**<br>*Ipinahiwatig naman dito na hindi si Joy ang gumawa na maaring isang kasalanan o kaya'y sa isang gawain kundi ang may gagawan ang sumama sa pulong.* | **Dili sa Joy/ ang muuban sa tigum//**<br>*Ipinahiwatig naman dito na hindi si Joy ang gumawa na maaring isang kasalanan o kaya'y sa isang gawain kundi ang may gagawan ang* |
| Tatay Pedro Juan ang ahung uyab. | Tatay Pedro Juan ang aking nobyo. | **Tatay Pedro Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilalala ng nagsasalita sa kausap na tatay Pedro Juan ang kanyang nobyo.* | **Tatay Pedro Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilalala ng nagsasalita sa kausap na tatay Pedro Juan ang kanyang nobyo* | **Tatay Pedro Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilalala ng nagsasalita sa kausap na tatay Pedro Juan ang kanyang nobyo* | **Tatay Pedro Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilalala ng nagsasalita sa na tatay Pedro Juan ang kanyang nobyo* | **Tatay Pedro Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilalala ng nagsasalita sa kausap na tatay Pedro Juan ang kanyang nobyo* |
| | | **Tatay Pedro/ Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilala ng nagsasalita sa kanyang tatay na Juan ang kanyang nobyo* | **Tatay Pedro/ Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilala ng nagsasalita sa kanyang tatay na Juan ang kanyang nobyo* | **Tatay Pedro/ Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilala ng nagsasalita sa kanyang tatay na Juan ang* | **Tatay Pedro/ Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilala ng nagsasalita sa kanyang tatay na Juan ang* | **Tatay Pedro/ Juan ang akong trato//**<br>*Ipinakilala ng nagsasalita sa kanyang tatay na* |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Issue 4 | December 2024

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

Habang ginawa ang interbyu at sa pakikihalubilo ng mga kalahok napansin ng mananaliksik na sa may ilang lugar ng Matalom na may parehong diin at intonasyon sa taga-Maasin at sa iilang lugar sa Bohol. May mga diin at intonasyon sila may impit na pareha sa dalawang lugar na banggit. Ganoon din sa bayan Inopacan may mga mga kalahok na ang kanilang intonasyon ay kahawig sa Cebu. Napansin din na sa bayan ng Matalom, Bato, Hilongos, Hindang wikang *ajaw* (huwag), *laju (*malayo), *sija, (siya),* at marami pa, sa bayan ng Inopacan, *ayaw, layu* at *siya* ang kanilang tawag. Ang ponemang /j/ sa apat ng bayan ay pinalitan ng ponemang /y/ sa bayan ng Inopacan.

Ang natuklasan ng kakaibang katangian ng wika sa limang bayan ay may kaugnayan sa binahagi nina Nuncio, Pontemayor, at Lumigis (2020) at Huisaman, Franco, at Hout, (2021) na nagsabing ang pagkakaroon ng morpolohikal at ponolohikal na baryasyon ay dahil sa heograpikal at distantansiya. Masasabing ang pagkakaiba ng diin ng dalawang bayan ay dahil sa kanilang lokasyon. Ang barangay Agbanga, Sta, Fe, Cahagnaan at Tag-os ay malapit sa lungsod ng Maasin at katapat sa lalawigan ng Bohol. Kaya hindi maipagkaila na ang diin at tono ay kahawig sa dalawang lalawigang nabanggit. Sa iilang barangay naman sa bayan ng Inopacan may mga diin at tono ay kahawig sa lalawigan ng Cebu, dahil ayon sa heograpikal na lokasyon ang bayan ng Inopacan ay katapat sa Camotes Island. Ang Camotes Island ay bahagi ng lalawigan ng Cebu kaya hindi maipagkaila na iilan sa mga barangay na sabi ng ibang mamamaya *ayaw-ayaw ang ilang pinulungan (*ayaw-ayaw ang kanilang wika).

Sa kabuuan, ang ponolohikal na katangian partikular sa ponemang suprasegmental ayon sa diin, tono at intonasyon at antala sa limang bayan ng Southwestern Leyte ay may varyasyon sa diin at tono subalit walang varyasyon sa antala.

## Conclusion and Recommendation

Ang resulta ay nagpapahiwatig na naibabagay ng tao ang kanyang dayalekto at paraan ng pagsasalita (pagbigkas) sa pagbabago ng kanyang kapaligiran o bawnderi na geograpikal at sa pangangailangan. At dahil sa tuloy-tuloy na interaksiyon at pakikipag-ugnayan sa mga taong napapalibot sa komunidad nagkakaroon ng mga katangian ang salita ng isang pangkat ng tao na naiiba sa mga miyembro ng ibang grupo o komunidad. May mga salita, tunog at ekspresyon na gamit ng isang grupo na maaaring di-gamit ng iba kaya hindi pareho ang pagbigkas ng ilang tunog, o iba ang ginagamit na salita para sa sa isang bagay. Sa natuklasan ang ponolohikal na baryasyon sa wika ng Southwestern ng Leyte sa diin at tono at intonasyon ay may kinalaman sa heograpikal na lokasyon. Sa natuklasan, iminungkahi ng mananaliksik na sa mga klase na may kaugnayan sa ponolohiya, gamitin ang nabuong kalipunan ng mga ponemang suprasegemental upang makilala ng mga mag-aaral ang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

kakaibang katangian ng wika ng Leyte at higit sa lahat paraan ito na maipreserba ang kinagisnang wika.

## References

Bizzoni, Y., Ortlieb, S., Fankhauser, P. at Teich, E. (2020). Linguistic variation and change in 250 years of English scientific writing: A data-driven approach. Sec. *Language and Computation*, 3 https://doi.org/10.3389/frai.2020.00073

Bonifacio, R., Rapisora, D, Arambala, M. at Zarate, M. (2021). Effects of indigenous language conversation skills enhancement program among Bukidnon and Talaandig youths in the Philippines. *Ampersand* 8(2). https://doi.org 10.1016/j.amper.2021.100076

Bratlie, S., Brinchmann, E., Melby-Lervåg, M., at Torkildsen, J. (2022). Morphology—A gateway to advanced language: Meta-analysis of morphological knowledge in language-minority children. *Review of Educational Research, 92*(4), 614-650. https://doi.org/10.3102/00346543211073186

Catequista, J. (2019). *Ponemang suprasegmental.* https://www.scribd.com/presentation

Duping, A. (2021). Phonological variations among Mandaya dialects: A multiple case study. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS)*, 5 (12). https://www.rsisinternational.org/journals/ijriss/Digital-Library/volume-5-issue-12/380-387.pdf

Huisman, J., Majid, A. at van Hout, R. (2019). The geographical configuration of a language area influences linguistic diversity. *PLOS ONE,* 1 (18). | https://doi.org/10.1371/journal.pone.0217363

Juanda, J. (2024). Analysis of language structure and its implications in modern linguistics: A study of the understanding and application of structural linguistic concepts. *Journal of Educational and Social Research*, 14 (1). DOI: https://doi.org/10.36941/jesr-2024-0019

Kopf, K. at Weber, T. (2023). Free variation in grammar empirical and theoretical approaches. *Studies in Language Companion Series,* (234), pp.352. https://doi.org/10.1075/slcs.234

Gaddi, J. (2024). Epekto ng dayuhang impluwensiya sa wika at kultura ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. *International Journal for Multidisciplinary Research*, https://doi.org/10.5281/zenodo.11188881

Lantaya, L., Bonifacio, R., Jabagat, G., Ilongo, L. et al. (2021). Beyond extinction: Preservation and maintenance of endangered indigenous languages in the Philippines. *International Journal of Scientific & Technology Research*, 10 (12).

Liu, Y. (2023). An acoustic study on the effects intonation imposes on sentence-final particles in Nanjing dialect. *SHS Web of Conferences*, 162. https://doi.org/10.1051/shsconf/202316201035

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026

Llompart, M., Eger, N. at Reinisch (2021). Free allophonic variation in native and second language spoken word recognition: The case of the German rhotic. *Sec. Psychology of Language*, 12. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.711230

Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research* (AJHSSR), 5 (10), pp. 58-68.

Nuncio, R., Pontemayor, F. at Lumigis, D. (2020). Pagsipat sa leksikal na baryasyon ng mga terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa kontekstong panginabuhian/pangkabuhayan. *Malay,* 32 (2). https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/2/3-nuncio.pdf

Samarca, A. (2022). Pagsusuri sa estruktura ng ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur**.** *Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences,* 20. DOI:10.57200/apjsbs.v20i0.323

Sumer, J. (2024). Phonological and morphological variation of Ibanag language. International Journal of Arts, Sciences and Education 5(1), pp. 108-124. https://www.ijase.org/index.php/ijase/article/view/317/225

Terreza, J., Sukran, T. at Daveluy, (2020). *Sustaining preservation: Innovative practices and avenues for action in the transmission of indigenous languages in Canada*. Canadian Commission for UNESCO, pp. 1-6.

Toto, S. at Reyes, A. (2022). Pagsusuri sa ponemang suprasegmental ng wikang Iranun. *International Journal of Research Studies in Education, 11*(14), 43-48. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b015

Yazdanpanah, M., Plejert, C., Samuelsson, C., at Jansson, G. (2019). An interactional perspective on sound prolongation in multilingual encounters in residential care. *Clinical Linguistics & Phonetics*, *33*(12), 1103–1124. https://doi.org/10.1080/02699206.2019.1584914

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 13-25

Received: March 31, 2026 | Accepted: May 15, 2026 | Published: June 30, 2026